



Medical Beneficiary and Pharmaceutical Services Division, B.C. Ministry of Health

# Fair PharmaCare Plan

## — para sa mga Bagong Dating

**Kailangan mong magpatalâ sa Medical Services Plan bago ka makapag-parehistro para sa Fair PharmaCare plan.**

- i** Ang Medical Services Plan (MSP) ang nagbibigay ng coverage para sa mga gastusing medikal gaya ng mga pagpunta sa doktor at gastos sa ospital para sa lahat ng mga naninirahan sa British Columbia. Pagkatapos mong magpatalâ, papadalhan ka ng MSP ng isang CareCard.
- i** Kakailanganin mo ng Personal Health Number (PHN) sa iyong CareCard upang makakuha ka ng mga serbisyong medikal.

**Pagkatapos mong matanggap ang iyong CareCard, maaari kang magrehistro para sa Fair PharmaCare.**

- i** Sakop ng Fair PharmaCare ang halos lahat ng mga de-resetang gamot at ilang medical supplies.
- i** Maaaring bawasan ng Fair PharmaCare plan ang iyong mga gastos depende sa kita ng iyong pamilya at sa halaga ng perang ginastos mo sa mga de-resetang gamot at medical supplies sa bawat taon.
- i** Walang bayad ang magparehistro para sa Fair PharmaCare at walang premiums.

**Mangyaring tingnan ang dahon ng impormasyon ng Fair PharmaCare plan o bisitahin ang aming website para sa karagdagang impormasyon sa kung paano gumagana ang plan.**

**Paano ako magpaparehistro?**

- ✓ Sa internet, gamitin ang PharmaCare Web Registration, o
- ✓ Sa pamamagitan ng telepono, tawagan ang Health Insurance BC.

**Masasagot ng Health Insurance BC ang iyong mga katanungan tungkol sa Medical Services Plan at Fair PharmaCare plan. Tingnan sa pahina 2 ang impormasyon sa kung paano makipag-ugnayan.**

## Paano ko iuulat ang aking kita kung ako ay isang bagong residente?

- Kapag nagparehistro ka para sa Fair PharmaCare, dapat mong ibigay ang impormasyon ng iyong tantiyang neto ng kita o net income sa nakaraang taon. Kung may asawa ka ay dapat mo ring ibigay ang kanyang net income.

Halimbawa, kung ikaw ay nagparehistro noong 2010, ibigay ang iyong net income para sa 2009.

- Ibigay ang impormasyon tungkol sa mga kinita sa Canada at sa labas ng Canada.

Sa pamamagitan ng pagrehistro gamit ang iyong tinantiyang net income, tatanggap ka ng **temporary coverage** kaagad batay sa iniulat na net income.

- Beberipikahin ng aming computer system ang iyong kita sa Canada Revenue Agency. Kapag hindi na-verify ng Canada Revenue Agency ang iyong kita dahil hindi ka nag-file ng income tax return sa Canada para sa taong iyon, papadalhan ka namin ng sulat.
- Kapag nakuha mo na ang sulat, makipag-ugnayan ka sa Health Insurance BC sa isa sa mga numero ng telepono sa ibaba. Sila ang magsasabi kung ano ang mga dokumento na kailangan mong ipadala upang ma-verify ang iyong kita.

## Makipag-ugnayan sa Health Insurance BC

- Ang Health Insurance BC ang nangangasiwa sa PharmaCare at sa Medical Services Plan para sa Ministry of Health Services.
- Masasagot ng Health Insurance BC ang iyong mga katanungan tungkol sa Medical Services Plan at Fair PharmaCare.




### Sa pamamagitan ng computer:

Para sa impormasyon tungkol sa Medical Services Plan, pumunta sa:  
[www.health.gov.bc.ca/msp](http://www.health.gov.bc.ca/msp)

Para sa impormasyon tungkol sa Fair PharmaCare plan o iba pang PharmaCare plans, pumunta sa: [www.health.gov.bc.ca/pharmacare](http://www.health.gov.bc.ca/pharmacare)

Upang magparehistro para sa Fair PharmaCare plan, pumunta sa  
<https://pharmacare.moh.hnet.bc.ca>



### Sa pamamagitan ng telepono:

Mula sa Vancouver at Lower Mainland:

**604-683-7151**

Mula sa ibang dako ng B.C., tumawag nang walang bayad:

**1-800-663-7100**

Lunes hanggang Biyernes, 8:00 AM hanggang 8:00 PM, at Sabado 8:00 AM hanggang 4:00 PM.